

# Hurricane Ian – Pagtugon at Pagbawi

---

**Release Date: Mar 8, 2023**

Bago bumagsak sa lupa, ang mga pederal na tagatulong ay inihanda upang tumugon agad sa Hurricane Ian. Narito ang isang timeline ng mga paghahanda at pederal na suporta sa mga Floridian bilang tugon sa bagyo at pagbawi pagkaraan ng halos anim na buwan.

## Pangkalahatang-tanaw

- Ang Hurricane Ian ay bumagsak sa lupa noong Set. 28, 2022, malapit sa Cayo Costa, Florida, bilang isang Category 4 na bagyo na may pinakamataas na patuloy na hangin na 150 mph.
- Nagtulak ang Ian ng ragasa ng bagyo na 15 talampakan sa ibabaw ng level ng lupa patungo sa hilagang-kanluran ng Florida, nagresulta sa rekord na pagbaha ng mga lokasyon sa baybayin, lalo na sa Sanibel Island at Fort Myers
- Naobserbahan ang mga lakas ng hanggin ng Hurricane hanggang sa lupa ng Orlando, nag-iwan ng higit sa 2.7 milyon na customer na walang kuryente at may malawak na pinsala sa mga bahay, sasakyan, at negosyo.
- Ang Bagyong Ian ay ang ikatlong pinakamagastos na bagyong tumama sa Estados Unidos, pagkatapos ng Katrina at Harvey, alinsunod sa National Centers for Environmental Information (NCEI) ng NOAA at National Hurricane Center (NHC). Ang pinsala ay tinatatayang nasa \$112.9 na bilyon, kabilang ang nakaseguro at hindi nakasegurong mga nawala.

## Pagtugon

- Higit sa 4,000 na pederal na tagatugon ang ipinadala.
- 33,823 na nakaligtas ang inilagay sa 262 na kanlungan.
- Na-stabilize ang Lifeline ng Kaligtasan at Seguridad 15 araw pagkatapos ng landfall (13 OCT 2022)
  - 11 Pederal at 8 Estado ng paghahanap at Task Force sa Pagsagip
    - 5,572 na interaksyon ng tao/hayop
    - 86,722 na pagtasa ng istruktura



**FEMA**

Page 1 of 6

- 22 pangkat ng paghahanap na may aso
- Ang Food Water Shelter Lifeline ay na-stabilize 19 araw pagkatapos ng landfall (17 OCT 2022)
  - Transitional Sheltering Assistance (non-congregate sheltering) gamit ang mga hotel na naaprubahan para sa 26 na mga county
    - 4,548 na kabuuang sambahayan na napaglingkuran
    - 705 na sambahayan na kasalukuyang nakakanlong
  - Mga Commodity
    - 11 milyong litro ng tubig na inihanda sa estado para maipamahagi
    - 6.8 milyong pagkain, mga trapal, kumot, higaan, kagamitang medikal at iba pang mga commodity sa estado para maipamahagi.
- Na-stabilize ang Health and Medical Lifeline 9 na araw pagkatapos ng landfall (07 OCT 2022)
  - 183 pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na nilikas
  - 3,782 taong ginamot ng 7 pederal na Disaster Medical Assistance Team na nagkaloob ng decompression ng ospital sa 6 na pasilidad at nagtatag ng 1 mobile clinic
    - 1 sa Charlotte County, 2 sa Sarasota County, at 4 sa Lee County
  - 300 ambulansiya ang ipinagkaloob
- Ang Enerhiya (Power at Fuel) Lifeline ay na-stabilize 9 na araw pagkatapos ng landfall (07 OCT 2022)
  - 42,000 linemen ang tumulong sa pagbabalik ng kuryente sa pamamagitan ng Emergency Management Assistance Compact
  - 12 generator lamang ang kinailangan para sa misyon na pansamantalang kuryente ng U.S. Army Corps of Engineers dahil sa bilis ng pagbabalik ng kuryente
- Nag-stabilize ang Communications Lifeline 2 araw pagkatapos ng pag-landfall (30 SEP 2022)
  - Higit sa 1,500 cell site ang naapektuhan
  - 17 sasakyan ng pederal na pagtugon sa emerhensiya ang sumuporta sa mga komunikasyon ng tagatugon at mga aktibidad sa aplikasyon ng nakaligtas
- Nag-stabilize ang Transportation Lifeline 10 araw pagkatapos ng landfall (08 OCT 2022)
  - Naghanda ang Barge and Air Operations ng mga tagatulong na kailangan upang muling itatag ang mga serbisyo sa Sanibel Island



**FEMA**

- Ang access sa mga nakahiwalay na komunidad ay itinatag sa pamamagitan ng pang-emerhensiyang pagkukumpuni sa mga napakahalagang imprastraktura
- Communications Lifeline stabilized 2 days post landfall (30 SEP 2022)
  - 323 pagligwak sa sewage at pinasala sa 8 pasilidad ng mapanganib na basura ang naiulat
  - Ang mga EPA mobile water lab ay ginamit upang suportahan ang pagsusuri ng naiinom na tubig

## **Pagbawi (3/6/2023)**

- \$6.6 bilyon ang ipinagkaloob sa mga nakaligtas, sa estado at mga komunidad (FEMA IA/PA, SBA, NFIP)
- Indibidwal na Tulong
  - 911,000 balidong rehistrasyon
  - \$1.04 bilyon ang inaprubahan para sa 383,081 sambahayan
    - \$680.5 milyon sa Tulong sa Pabahay
    - \$357.7 milyon sa Tulong sa Ibang mga Pangangailangan
  - Nagpatakbo ng 57 Disaster Recovery Centers (37 ang pirmihan, 20 mobile)
    - 138,000 bisita
    - 11 sentro ang kasalukuyang bukas
  - Tulong sa Transisyonal na Matutuluyan
    - 4,548 sambahayan sa 26 na county ang napaglingkuran
    - 705 sambahayan ang kasalukuyang namamalagi sa mga hotel
    - 3,843 sambahayan ang lumabas na
- Nakumpleto ang U.S. Army Corps of Engineers Blue Roof Mission (14 NOV 2022)
  - 20,119 pansamantalang bubong ang naikabit sa mga county ng Charlotte, Collier, DeSoto, Lee at Sarasota
- Direktang Pabahay
  - Inaprubahan ang Direktang Pabahay para sa 7 county: mga county ng Charlotte, Collier, DeSoto, Hardee, Lee, Sarasota at Volusia
  - 2,263 sambahayan ang kasalukuyang karapat-dapat para sa Direktang Pabahay (mga travel trailer, yunit ng manufactured na bahay, inuupahang apartment)
  - 530 aplikante ang omookupa sa isang yunit pagsapit ng Marso 6



**FEMA**

- U.S. Small Business Administration
  - \$1.73 bilyon sa mga pautang sa sakuna ang inaprubahan
- National Flood Insurance Program
  - 46,400 na claim sa National Flood Insurance Program ang isinumite; \$3.2 bilyon ang binayaran
- Tulong sa Naligtas sa Sakuna
  - 354,615 bahay ang binisita
- Tulong sa Publiko
  - 132 proyekto ang inubliga para sa \$636.8 milyon (pederal na kabahagi
- Pagtatangal ng mga Kalat at Dumii
  - 31.5 milyon na cubic yard ng tinatayang 32.6 milyon na cubic yard ang tinanggal
  - Nakumpleto ang pagtanggap ng Langis/Hazmat sa 520 vessel
  - Higit sa 36,000 galon ng petrolyo ang nabawi
  - Higit sa 6,600 libra ng mapanganib na materyal ang nabawi

## Inobasyon

### Maagang Pagtatalaga sa Urban Search & Rescue

Bago bumagsak sa lupa, naglagay ang, FEMA ng isang Federal Urban Search & Rescue (US&R) Coordination Group, isang US&R Incident Support Team at limang US&R team sa Florida. Ang U.S. Coast Guard, Department of Defense at Customs and Border Protection ay naglagay ng mga tagatulong, bilang karagdagan sa humigit-kumulang na 10,000 tauhan ng National Guard at ibang pang-estado at lokal na tauhan na nagsasagawa ng paghahanap at pagliligtas. Ang pederal na suporta ay kinabibilangan ng 26 aircraft, 10 rotary wing aircraft, 40 shallow water boat at 1,234 na sasakyan sa mataas na tubig.

### Advanced na geospatial Technology

Sa pagtuton sa Bagyong Ian, ang geospatial technology ay ginamit upang pabilisin ang proseso ng deklarasyon ng sakuna at upang lumikha ng komprehensibong mga pagtasa ng insidente kasunod ng pagbagsak na lupa. Ang mga pangkat ng mga sistema ng FEMA geospatial information ay nagsagawa ng 56,000 mga pagtasa sa malayo na tumukoy sa 24,000 sa mga istuktura na may makikitang pinsala. Ang mga pagtasa ay isinagawa gamit ang artificial



intelligence, crowdsourcing at high-resolution imagery mula sa satellite, sa himpapawid at lupa. Pagkatapos ng pagbaba sa lupa, 5,627 GIS inspection ay isinagawa, nagresulta sa \$78.3 milyon sa tulong sa mga nakaligtas nang hindi nangangailangan ng personal na inspeksyon.

### Pagpapabilis na Pagtanggap ng mga Labi

Ang pagtanggap ng labi ay hindi kaya ng mga lokal na komunidad at ng Estado ng Florida kung walang tulong mula sa FEMA. Higit sa 6,100 istruktura ang nasira at higit sa 15,700 ang nagkaroon ng malaking pinsala, marami sa kanila ay sa pribadong ari-arian o pangkomersiyong ari-arian. Ang normal na pagsasagawa ng Private Property Debris Removal (PPDR) at Commercial Property Debris Removal (CPDR) ay mangangailangan ng mahabang panahon, pero gusto ng FEMA na pabilisin ang pagtanggap ng mga labi upang alisin ang mga banta sa mga buhay, kalusugan ng publiko at kaligtasan, malaking pinsala sa pinahusay na pampubliko o pribadong ari-arian, at upang matiyak ang pagbangon ng kabuhayan ng apektabong komunidad.

Ang isang Rapid Debris Removal Task Force ay gumamit ng impormasyong teknikal at pang-observer upang lumikha ng isang patuloy, itinutulak ng mga datos na indise ng mga lugar na karapat-dapat para sa mga waiver ng PPDR/CPDR sa proseso ng aplikasyon. Ang mga tagapagpabatid ay kinabibilangan ng tulin, pagbaha o ragasa ng bagyo, at mga level ng pinsala (nasira, lubhang napinsala, etc.). Ang pagsuporta sa data mula sa Centers for Disease Control and Prevention's Social Vulnerability Index, ang listahan ng Florida ng mga county na limitado sa pananalapi at ang lokasyon ng U.S. Department of Housing and Urban Development Opportunity Zone ay isinama sa matrix. Dahil sa mga pagsisikap na ito at sa paggamit ng mga bagong teknolohiya, ang mga komunidad na pinakamalubhang naapektuhan ay higit sa anim na buwan na mas maaga kaysa sa mga tipikal na timeline para sa pribado at komersyal na mga operasyon sa pagtanggap ng mga labi ng ari-arian.

### Direktang Pabahay sa Mga Espesyal na Lugar na Panganib sa Baha

Ang Koponan sa Pagpapatupad ng Direktang Pabahay ay na-deploy sa Florida upang magbigay ng integrasyon sa mga functional na lugar sa misyon ng Direct Temporary Housing Assistance. Karamihan sa mga lugar na may malubhang napinsalang pabahay ay nasa Mga Espesyal na Lugar na Panganib sa Baha



**FEMA**

Pagkatapos masuri ang panganib sa baha, noong Enero 2023, inihayag ng FEMA ang pag-apruba ng mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa Pansamantalang Mga Yunit ng Pabahay sa Mga Espesyal na Lugar na Panganib sa Baha, partikular para sa ilang komersyal na parke sa Lee County. Hindi kasama sa desisyong ito ang mga floodway, Coastal High Hazard Areas, Coastal A Zones, Coastal Barrier Resource System Units, mga lugar sa loob ng Limit of Moderate Wave Action (LIMWA), o sa loob ng anumang zone na may pagtatalagang "V". Ang pag-install ng mga unit ay dapat sumunod sa lahat ng pederal, estado, lokal na regulasyon at mga code ng gusali, kabilang ang lahat ng mga kinakailangan sa elevation at anchoring.

- [Inanunsyo ng FEMA ang Espesyal na Pagsasaalang-alang para sa Pansamantalang Mga Yunit ng Pabahay sa Mga Espesyal na Lugar na Panganib sa Baha | FEMA.gov](#)

### Coastal Resilience Task Force

Ang Coastal Resilience Task Force, isang kumbinasyon ng mga lokal, pang-estado at pederal na ahensya, ay nakatuon sa pagbawi ng mga apektadong lugar sa baybayin, pagpapanumbalik ng mga buhay na baybayin at iba pang mga solusyong nakabatay sa kalikasan upang mapagaan ang hinaharap na pagbaha sa baybayin at mga epekto ng storm surge. Ang Task Force ay nakikipagtulungan sa Florida Department of Environmental Protection upang tukuyin ang mga hamon, priyoridad at pagkakataon para sa isang mas matatag na rehiyon sa baybayin. Isang inaugural summit ang naganap noong Disyembre 5, 2022 at ang pangalawang pagpupulong ng Task Force ay ipinatawag noong Mar 2, 2023. Kasama sa iba pang ahensyang pederal ang EPA, USDA, NOAA, at USACE.



**FEMA**